# Barangay Action Team, kaantabay ng mga benepisyaryo 4Ps ng Luis

Barangay Action Team, isang organisadong grupo na nakatutok at sumusubabay sa mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program.

Nabuo ang Barangay Action Team (BAT) taong 2016, matapos magpresenta ng resulta ng 2015 Social Welfare and Development Indicators (SWDI) ang Municipal Action Team (MAT) ng San Luis, Aurora sa Municipal Advisory Committee (MAC) meeting kung saan naroroon ang bagong Punong Bayan, na si Kgg. Mariano C. Tangson. ”Bakit hindi natin ito ibaba sa barangay,” suhestiyon niya.

“Karamihan sa pangangailangan ng Pantawid beneficiaries ay nasa regular programs naman ng local government ng San Luis, kaya sa tulong ng mga datos, alam na namin kung sino ang dapat bigyang prayoridad,” bahagi ni Gng. Hiyasmin S. Mendoza, Municipal Social Welfare and Development Officer (MSWDO) ng San Luis, Aurora. Ayon sa kanya, ito ang kanilang nakita matapos magkaroon ng participatory analysis workshop sa 18 mga barangay ng San Luis, na naglalayong magkalap ng tamang datos mula sa tamang tao tungo sa mas tamang pagbibigay tugon. Ang resulta ng naturang re-validation ng SWDI gaps ay ipinresinta ng MAT ng bawat barangay ng San Luis. Ang BAT ay hango sa konsepto ng community organizing saan ang ginagamit ay interbensyong nakasentro sa tao; kasangkot ang lahat Barangay Local Goverment Unit (BLGU) at mismong ang mga miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (o 4Ps) sa San Luis, sa pagtukoy at proseso ng paresolba ng mga suliraning kanilang kinakaharap.

Nagsisilbing kabalikat ng 4Ps ang BAT lalong lalo na sa pagreresoba ng suliraning panlipunan (social adequacy) tulad ng mga suliraning pang-kalusugan at pang edukasyon. Ilan sa mga nabigyang tulong ay sina Nanay Vilma Asne, 39, isang solo-parent, at miyembro ng 4Ps na nabigyan ng sanitary toilet, mula sa Barangay Bacong. Ayon sa kanya, dati'y yero o plastic bowl, de buhos, na nakadikit sa lupa ang kanilang gamit-gamit, hindi mabuti sa kalusugan; at si Nanay Leamor Suson, 41, benepisyaryo ng 4Ps sa Barangay Tres, at isa mga napakabitan ng kuryente.

"May nag-aaral po akong anak, kaya napakalaking tulong ng libreng pagpapakabit ng ilaw sa aming tahanan, hindi n'ya na po kailangang umasa sa liwanag ng gasera o makidayo sa ibang bahay para lang makapagreview. Kung dati po nasa top five (5) lang s'ya, ngayon, s'ya na mismo ang top one (1) ng klase," bahagi ni Nanay Leamor. "Ala-sais ng hapon hanggang alas otse, pagkatapos kumain, papatayin na namin ang gasera," kwento niya. May kamahalan ang inaabot ng pagkakabit ng kuryente, humigit kumulang limang libong piso (Php5,000.00) lalo na kung tulad ni Nanay Leamor na may kalayuan ang bahay sa sentro.

Ang bawat Barangay Action Team (BAT) ay binubuo ng Punong Barangay bilang Pangulo; Municipal Link ng naturang area bilang Ikalawang Pangulo; lahat ng mga kagawad, Municipal Health Office (MHO) Midwife, Sanitary Inspector, Barangay Nutrition Scholar, Barangay Health Worker, Hepe ng Tanod, at representabi ng Parent Leaders, Indigenous People (IP), mga guro, at iba't organisation tulad ng Senior Citizens at Farmers' Association, na mayroon sa barangay, bilang mga miyembro.

Ayon kay Kgg. Tangson, ang SWDI gaps ay hamon para sa mga pinuno ng barangay at bayan, kung paano nga ba wastong matutugunan ang mga suliraning kinakaharap ng mga residente ng San Luis, lalong lalo na ang nasa mahirap na sektor, kabilang na ang miyembro ng 4Ps.

Nitong nakaraang ika-22 Nobyembre, 2016, ay naapruhan ang Resolusyon Bilang 89 (Resolution Adopting the Municipal Action Plan [MAP] developed by the Municipal Action Committee (MAC) of San Luis in relation to the implementation of Pantawid Pamilyang Pilipino Program [4Ps] by including the implementation of the plan in the Executive-Legislative Agenda (ELA) and/ Annual Investment Plan (AIP) of the municipality). Nagkaroon din ng resolusyon sa bawat barangay kaugnay sa pagbuo ng kumite at gawain ng BAT. At nasa agenda ngayong taon, 2017, ng MAC na bigyan ito ng Sangguniang Bayan (SB) Resolution ang BAT, nang sa gayo’y kahit matapos man ang termino ng punong bayan ay maiiwan pa rin ang kaniyang programang sinimulan, para sa tao. ### (Andyleen C. Feje)